ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 7
Abril 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Makibaka para lumaya ang Pilipinas sa kontrol militar ng US

Pinaiinit nang pinaiinit ngayon ng imperyalismong US ang hidwaang imperyalista sa buong mundo. Idineklara kamakailan ng imperyalistang gubyerno ng US ang tinagurian nitong "deterrence strategy" o "estratehiya ng pagsagka" laban sa "agresyon ng China" sa South China Sea, para diumano "kamtin ang kapayapaan sa pamamagitan ng lakas" at "iwasan ang gera."


Ang deklarasyon ay ginawa ni Defense Sec. Pete Hegseth ng US nang bumisita sa Pilipinas noong huling linggo ng Marso. Hindi mapigilan ang pagkawag ng buntot ni Marcos at mga tuta ng Amerikanong upisyal sa pangunguna ni Defense Sec. Gilbert Teodoro, na nag-alok sa US na gamitin ang bansa para sa estratehiya nito. Ito ay matapos silang pangakuan na itutuloy ang planong pagbibigay ng $500 milyong ayudang militar.

Paglipas ng ilang araw, sa utos ng US, inianunsyo ni Gen. Romeo Brawner, hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP), na palalawakin ang saklaw ng operasyon ng AFP lagpas pa sa dulong isla ng Mavulis sa Batanes. Inutusan niya ang Northern Luzon Command na maghanda sakaling may "paglusob sa Taiwan." Ang totoo, nais ng US na ipwesto doon ang mas maraming sundalong Pilipino para magsilbing taga-alalay sa mga tropang Amerikanong balak ipwesto malapit sa Taiwan.

Dapat puspusang itakwil at labanan ng sambayanang Pilipino ang pagpapagamit ng rehimeng Marcos sa estratehiya ng imperyalismong US at pagpapakaladkad sa Pilipinas sa mga operasyong militar ng US. Walang ibang ireresulta ito kundi ang pagpapakat ng paparaming tropa, barkong nabal at kagamitang pandigma ng US sa Pilipinas, katulad ng ginagawa nito sa Japan, South Korea at iba pa. Nakatuon ito sa pagpapaigting ng paghahanda at pang-uudyok ng US ng gera sa rehiyong Asia-Pacific, alinsunod sa estratehikong layunin nitong "pigilan" ang paglago ng kapangyarihan ng karibal nitong China.

Ang pagsasagasa ng US ng estratehiya nito ay yumuyurak sa kasarinlan ng Pilipinas. Iginagapos nito ang Pilipinas sa mga plano ng US at inaalisan ang bansa ng kakayahang gumawa ng sariling pagpapasya sa mga usaping panlabas. Sa pagkiling ni Marcos sa mga planong militar ng US, sinasarhan niya ang iba't ibang posibleng landas, laluna ang mapayapa at diplomatikong daan, ng pagharap sa China para lutasin ang mga hidwaan para sa tumbasang pakinabang. Kahit pa isapeligro ang buhay ng daanlibong Pilipino, nagpapagamit ngayon si Marcos at ang AFP sa US sa plano nitong painitin ang sitwasyon sa Taiwan sa tangkang upatin ang China na gumawa ng agresibong hakbanging militar.

Hinahayaan ni Marcos na pahigpitin nang pahigpitin ng US ang kontrol sa AFP sa pamamagitan ng tinataguriang



joint trainings para umalalay sa mga tropang Amerikano at maging palaasa sa mga suplay mula sa militar ng US. Pinalalabas nilang "magkabalikat" sila ng mga AFP, gayong ang katotohanan ay ginagamit ng US ang AFP bilang mga pyesa sa estratehiya nitong ipataw ang hegemonya o kapangyarihan sa Asia.

Ang "estratehiya ng pagsagka" ng US ay isa lamang tabing para bigyang-matwid ang pagpapakat ng mga tropang militar nito sa iba't ibang panig ng mundo. Sa halip na pigilan, lalo lamang nitong itinataas ang posibilidad na sumiklab ang gera. Ipinakikita ng kasaysayan na ang ilang taong agresibong pagpakat ng US ng mga pwersang militar at mga kagamitang pandigma sa silangang bahagi ng Ukraine, sa ngalan ng pagsagka sa ekspansyunismo ng Russia, ay nag-udyok ng gera noong 2022.

Lalo lamang nitong itinutulak ang karera sa armas, kung saan papalaki nang papalaking rekursong pampubliko ang winawaldas sa pagpapaunlad at produksyon ng mga sandatang pandigma, sa halip na inilalaan sa mga kailangang serbisyong panlipunan.

Ang patakarang "pagsagka" ng US ay alinsunod sa tinatawag nitong Indo-Pacific Strategy para palibutan ang China sa pamamagitan ng pagpapakat ng lakas militar, partikular na sa mga karagatan sa silangang bahagi nito. Ang ganitong estratehiya ay lalo lamang hahantong sa papatinding tensyong militar sa South China Sea at ibang bahagi ng rehiyon, kasabay ng pagsisikap ng China na tumbasan ang mga aksyon ng US sa pamamagitan ng pagpakat ng sarili nitong mga pwersang nabal at pangkaragatan. Lumalaki ang posibilidad ng maling kalkulasyon na maaaring humantong sa pagsiklab ng armadong salpukan.

Ginagamit ng US ang Pilipinas na malaking base militar para sa *forward-deployment* o abanteng pagpupwesto ng mga opensibong sandatang panggera. Noong nakaraang taon, ipinwesto ng US ang Typhon *missile system*, sa bandang hilagang Luzon. Lingid sa publiko itong inilipat sa ibang lokasyon, at pinangangambahang nasa isang isla sa Batanes. Sa darating na Balikatan *war exercises*, na nakatakdang lahukan ng aabot sa 10,000 tropang Amerikano, planong ipwesto ng US ang sandatang NMESIS (Navy Marine Expeditionary Ship Interdiction System), isang kontra-barkong *missile system*, na kayang magpalipad ng misayl sa layong 185 kilometro. Plano ding dalhin at gamitin ng US Navy sa Pilipinas ang mga "unmanned surface vehicle."

Kung paniniwalaan ang mga pahayag ni Hegseth, nakatakdang ituon ng US sa ilalim ng gubyernong Trump ang papalaking pansin nito sa Asia, kabilang sa Middle East, at ililipat dito ang paparaming pwersa mula sa Europe. Isa ito sa dahilan na gusto nang tapusin ni Trump ang gera sa Ukraine upang hindi na ito matali doon.

Sa harap ng sitwasyong ito, dapat mahigpit na magbuklod ang sambayanang Pilipino at malakas na ipahayag ang patriyotikong sigaw para bumaklas mula sa kontrol militar ng US. Ang kontrol militar na ito ay nasa anyo ng presensya ng libu-libong mga tropang Amerikano sa mga base militar nito sa Pilipinas, paggamit sa bansa para sa paglulunsad ng sunud-sunod at walang patlang na mga pagsasanay sa gera, pagpupwesto ng mga sandatang pandigma sa mga EDCA *site*, pagbibigay ng ayudang militar sa kampanya ng pambobomba at pag-istraping ng AFP laban sa BHB at masang magsasaka, at pagdikta sa "AFP modernization" na nagoobliga sa AFP na sa US lamang bumili ng kagamitan, dahilan na lalo itong nakatali at nakasalalay sa US.

Dapat ubos-kayang magprotesta ang sambayanang Pilipino laban sa planong Balikatan war games, na lalong kakaladkad sa bansa sa imperyalistang tunggalian sa pagitan ng US at China. Dapat puspusang itulak ang kahingian para sa demilitarisasyon ng South China Sea, at ang pagresolba ng mga hidwaang pangkaragatan sa pamamagitan ng mapayapang dayalogo. Dapat manindigan ang sambayanan para sa kagyat na paglalansag ng mga base militar, pagpapalayas sa lahat ng tropang Amerikano, pagbabasura sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at lahat ng hindi pantay na tratadong militar, at pagwawakas ng ayudang militar sa mapaniil at pasistang rehimeng Marcos. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 7 | Abril 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Makibaka para lumaya ang Pilipinas sa kontrol militar ng US 1
Ika-56 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang 3
NMESIS, gamit-militar ng US, itatambak sa Pilipinas 3
Pagiging doktor sa hukbong bayan 4
NTF-Elcac, binweltahan ng KM 4
4 na taktikal na opensiba ng BHB-Masbate 4
Pangangamkam ng lupa sa Central Luzon 5
Hustisya para sa mga biktima ni Duterte 6
Sa madaling salita 7
Laban ng mga guro para sa karapatan 8
Mga Mindoreño, lumalaban para sa karapatan 8
Magsasaka, dinukot ng militar sa Masbate 9
Kasunduang GRP-MILF, binabalahura ng rehimen 9
Mga protesta 10
“Hands off!” 10
Presidente ng South Korea, napatalsik 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Ika-56 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang sa mga syudad at sentrong bayan



Naglunsad ng iba't ibang aktibidad ang mga organisasyong bahagi ng National Democratic Front (NDF) sa mga syudad at sentrong bayan bilang pagdiriwang sa ika-56 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29. Binigyang pugay nila ang mga Pulang mandirigma at kumander ng BHB sa kanilang hindi natitinag na rebolusyonaryong diwa sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Sa Maynila, nagkasa ng raling-iglap ang higit 60 myembro ng Kabataang Makabayan (KM) sa Earnshaw Avenue, Sampaloc noong Marso 31. Bitbit ng mga myembro ng KM ang mga larawan nina Kasamang Jose Maria Sison, Kasamang Benito Tiamzon at Kasamang Wilma Austria-Tiamzon. Pinarangalan nila ang tatlo, sampu ng maraming iba pa, na nagbuwis ng kanilang buhay at nag-alay ng panahon para sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino.

Noong Marso 30, isang martsa ang inilunsad ng KM, Liga ng Agham para sa Bayan, Katipunan ng mga Gurong Makabayan, Revolutionary Organization of Lumads, Cordillera People's Democratic Front, at Katipunan ng mga Samahang Manggagawa sa loob ng University of the Philippines-Diliman sa Quezon City.

Nagkaroon din ng maiksing programa ang KM-Kira Mindoro sa loob ng Polytechnic University of the Philippines (PUP)-Manila noong Marso 29. Bitbit nila ang isang malaking balatengga, at mga bandila ng Partido, BHB at ng NDF na kanilang isinabit sa ika-apat at ikalimang palapag ng gusali sa kampus matapos ang programa.

Kabi-kabila rin ang operasyon-dikit at operasyon-pinta ng mga rebolusyonaryong organisasyon para sa anibersaryo. Nakita ang mga pinta, poster, istiker at iba pang likhang-sining ng KM sa PUP-Manila, De La Salle University-Manila, College of Saint Benilde at Rizal Avenue sa Maynila.

Nagpinta rin at nagkabit ng mga poster ang Christians for National Liberation sa kahabaan ng Aurora Boulevard Extension sa Quezon City. Inilunsad rin ng KM-SMR ang pagpapaskil ng mga pahayag at istiker sa mga unibersidad sa rehiyon ng Davao, balwarte ng mga Duterte.

Naglabas din ng pahayag ang iba't ibang panrehiyong balangay ng NDF at mga organisasyon sa ilalim nito para batiin ang anibersaryo ng BHB. Gayundin, bumati sa anibersaryo ang ilang internasyunal na mga partido at organisasyon kabilang ang Friends of the Filipino People in Struggle, Cairde na Filipínigh Committee ng Anti-Imperialist Action Ireland at Communist Party of Australia (Marxist-Leninist). AB

NMESIS, gamit-militar ng US, itatambak sa Pilipinas

Sinalubong ng protesta ng mga progresibong grupo ang pagbisita sa Pilipinas ng bagong kalihim sa depensa ng US na si Peter Hegseth noong Marso 28. Nasa bansa si Hegseth hanggang Marso 29, para pulungin ang mga upisyal sa depensa at militar ng Pilipinas para itulak ang mapandigmang adyenda ng US sa Pilipinas at sa Asia.

Isa sa adyenda ni Hegseth ang pagtatambak ng mga gamit-militar ng US sa bansa, alinsunod sa ekstratehikong layunin nitong kubkubin ang China gamit ang *first-island chain*. Matapos ipwesto ang Typhon Missile System sa hilagang Pilipinas, balak naman ng US na ipwesto sa bansa ang NMESIS (Navy Marine Expeditionary Ship Interdiction System).

Ang NMESIS ay isang sistema ng misayl na *anti-ship* o pampasabog ng barko. Nakakarga ito sa isang *unmanned ground vehicle* (malaking trak) na tinatawag n ROGUE Fires Carrier at may kargang Naval Strike Missile (NSM). Ang mga NSM ay mga misayl na maaaring lumipad nang hanggang 185 kilometro na mga "stealth feature" para hindi ito matukoy. Ang sistemang ito ay ginagamit ng US Marine Corps para sa malayuan na mga atake laban sa mga barko mula sa lupa.

Kasabay ng NMESIS, magdedeploy ang US mga *unmanned surface vessel* na gagamitin ng US sa South China Sea. Pangkaraniwang maliliit at *portable* ang mga "drone" na pandagat na ito, at nakadisenyo para sa masungit na panahon sa karagatan at masisikip na daluyan ng tubig. Kargado ang mga ito ng mga *sensor*, kamera, sistemang ISR at *sonar*. Maaari itong direkta o hindi direktang kontrolin ng tao. Ginagamit ito para sa paniniktik, sarbeylans, rekorida at pagdidirehe ng trapik sa dagat.

Ang mga gamit na ito ay hahawakan ng binuong Littoral Rotational Force-Luzon ng 3rd Marine Littoral Regiment ng US. Tulad ng mga naunang "rotational force," magiging pamalagian ang presensya nito sa karagatan at mga baybay ng Pilipinas, taliwas sa reaksyunaryong konstitusyon na nagbabawal sa presensya ng mga dayuhang tropa. "Ipakikilala" ang permanenteng pwersang ito sa darating na Balikatan 2025, kung saan mangunguna ito sa gagawing "full battle test" kung saan gagamitin ng US ang Pilipinas bilang lunsaran nito ng digma laban sa China.

Koresponsal

Pagiging doktor sa hukbong bayan

Sa loob ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), iba't iba ang propesyon na natututunan ng mga Pulang mandirigma. Sa pagsusulong ng digma, gumaganap din sila bilang mga titser, abugado, artista, mang-aawit, nars o duktor at iba pang trabaho, lahat para sa interes ng masang api.

Ito ang natutunan ni Kasamang Sey, isang kabataang mandirigmang kasalukuyang kumikilos sa rehiyon ng Bicol. Mula pagkabata, pangarap na niyang maging duktor pero alam niyang hindi kaya ng kanyang mga magulang na pag-aralin siya ng medisina.

"Gasino naman ang dalawang ektaryang lupa sa limang magkakapatid na sa hirap ng buhay ay isang kahig, wala halos matuka," aniya. Alam ni Ka Sey na "milyones" ang kailangan para makapag-aral at makapagtapos sa burges na paaralan. Literal lamang siyang "nakatuntong" sa kolehiyo dahil hindi kayang tustusan ng kanyang kakarampot na sahod mula sa pagiging "working student" ang mga gastusin sa eskwela.

Hindi bago kay Ka Sey ang rebolusyonaryong kilusan. Aktibong mga kasapi ng Partido sa lokalidad ang kanyang mga magulang. Lumaki siyang madalas nilang nakakasalamuha ang mga kasama.

"Nabighani" siya sa BHB, dahilan ng kanyang pagsapi sa hukbong bayan. "Iba talaga ang dating ng NPA s'akin. Sa tuwing pumupunta ako sa kanila at kapag umuwi na ako sa bahay parang may kulang sa akin," aniya. "Parang *love at first sight*."

Sa loob ng hukbo, unti-unting niyang napalalim ang kanyang pag unawa sa mga bagay-bagay. Kasama ang kapwa niya mandirigma, pinag-aralan niya ang lipunan at rebolusyon, nangahas isapraktika ang mga natutunan sa mga ito.

"Pero ang pinaka-eksayting, dito pwede ko palang ituloy ang pangarap ko—ang maging doktor!" ani Ka Sey.

Kamakailan, nagtapos siya, kasama ang 11 pa mula sa iba't ibang yunit ng BHB-Bicol, ng pagsasanay medikal na inilunsad sa isang larangang gerilya ng Norben Gruta Command. Malaking tagumpay ito sa pagsulong ng rebolusyonaryong gawain. Inihanda nito ang mga Pulang mandirigma para magbigay ng libreng serbisyong medikal sa masang magsasaka.

Sa kanyang pagtatapos, naging ganap nang kombat medik si Ka Sey.

NTF-Elcac, binweltahan ng rebolusyonaryong kabataan

BINWELTAHAN NG REBOLUSYONARYONG kabataan ang kamakailangang pahayag ng pasistang National Task Force-Elcac kaugnay ng serye ng mga aktidad na isinagawa ng KM sa Metro Manila, laluna ang sa mga unibersidad, para ipagdiwang ang ika-56 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Tinatarget ngayon ng ahensya ang mga institusyong pang-edukasyon sa tabing ng pagtatanggol sa akademikong kalayaan.

Ayon kay Ka Maria Laya Guerrero, pambansang tagapagsalita ng KM, hindi makaiiral ang akademikong kalayaan kung ginigipit ang mga pag-aaral at talakayan sa loob ng pamantasan at tahasang panunupil sa mga estudyante, organisasyon at mga administrador ang balak ng NTF-Elcac na "imbestigahan" ang mga unibersidad. Tulad sa nakaraan, tiyak na tatargetin ng ahensya ang mga ligal na organisasyong masa at institusyon.

4 na taktikal na opensiba, inilunsad ng BHB-Masbate

PINAGKUMBINANG OPERASYONG haras, demolisyon at pamamarusa ang isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate (Jose Rapsing Command) sa loob ng siyam na araw para bigwasan ang pinagsanib na pwersa ng militar, pulis at mga CAFGU.

Noong Marso 24, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Manlut-od, Placer. Dalawa ang namatay at dalawa ang nasugatan sa mga pasista.

Noong Marso 22, isang operasyong haras ang inilunsad ng Pulang hukbo sa isa sa mga hedkwarters ng militar sa Barangay Estampar, Cataingan. Pinaputukan rin ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng militar na nakahimpil sa Barangay San Vicente, Dimasalang noong Marso 15.

Noong Marso 17, pinaralisa ng BHB-Masbate ang isang *mixer truck* sa Barangay Santa Cruz, Placer na pag-aari ng isang kumpanya sa konstruksyon dahil sa paglabag sa panuntunan ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa Bukidnon, pinatawan ng sangsyon ng BHB ang isang negosyanteng mangangamkam ng lupa sa Barangay Siloo, Malitbog noong Abril 5. Sinunog ng Pulang hukbo ang isang gusali at makina na ginagamit sa pagpuproseso ng kamoteng kahoy na tinatayang ₱3 milyon. Nakumpiska rin ng hukbo ang isang baril at dalawang radyo.

Aktibong depensa. Sa Camarines Sur, dalawang beses na nakapagtanggol ang BHB-West Camarines Sur (Norben Gruta Command) sa pag-atake ng mga sundalo ng 81st IB at 16th IB noong Pebrero 23 at 24 sa bayan ng Ragay. Hindi bababa sa 11 sundalo ang napatay at pito ang nasugatan. Nabuwal ang Pulang mandirigma na si Angelo "Ka Kim" San Diego.

Sa Negros Occidental, nakapagtanggol rin ang yunit ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) laban sa pag-atake ng 79th IB noong Marso 18 sa Barangay General Luna, Toboso. Tatlong sundalo ang iniulat ng 79th IB na nasugatan sa labanan ngunit tinatayang mas marami pa ang napinsala.

Pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa, nilabanan ng mga magsasaka ng Central Luzon

Noong Marso 24-28, nagtayo ng kampong protesta ang mga magsasaka mula sa Central Luzon sa harap ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City para iparating ang mariin nilang pagtutol sa malawakang pagpapalit-gamit at pangangamkam ng lupa at pasismo ng estado sa rehiyon. Sa loob ng limang araw, pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang mga programa at talakayan, kasama ang kanilang mga tagasuporta mula sa iba't ibang demokratikong sektor. Tinapos ang kampuhan sa pamamagitan ng paglahok sa protesta sa Liwasang Bonifacio para panagutin si Rodrigo Duterte sa kanyang mga krimen laban sa sangkatauhan. Sa huling gabi ng kampuhan, nagsindi sila ng mga kandila para sa mga biktima ng hindi bababa sa 22 masaker sa hanay ng mga magsasaka ng rehimeng Duterte, kasabay ng mga biktima nito sa huwad na gera sa droga.

Tinatawag na Kamalig ng Bigas ng Pilipinas ang Central Luzon dahil sa mataas na produksyon nito ng bigas (20% sa buong bansa). Ito ang may pinakamalawak na erya para sa produksyon ng palay (705,078 ektarya) at may pinakamataas na ani na 5.13 metriko tonelada kada ektarya.

Sa nagdaang mga dekada, libu-libong ektarya ng mga palayan ang kinumbert para sa gamit residensyal, komersyal at industriyal. Pinupog rin ang rehiyon ng mga proyektong imprastruktura, karamihan malalawak na daan, na nagresulta sa pagpapalayas sa mga magsasaka at pagsira sa mga lupang sakahan. Sa datos ng estado, nabawasan nang hanggang 29% ang saklaw na erya ng mga sakahan sa rehiyon sa pagitan ng 1991 at 2012, sa tantos na halos 9,000 ektarya kada taon. Sa pagitan naman ng 2012 at 2022, dagdag na 82,269 ektarya pang mga sakahan ang nawala, katumbas ng 18.44% sa kabuuang lupang pang-agrikultura sa rehiyon.

Ayon sa KMP, tinatrato ng gubyerno ang Central Luzon bilang blangkong papel para sa imprastruktura at mga proyektong *real estate*. Binatikos nila ang pinsalang hatid sa kabuhayan at ekolohiya ng programang Build Better More (2023-2028) ng rehimeng Marcos, na pagpapatuloy sa Build, Build, Build (2017-2022) ng rehimeng Duterte. Labimpito sa pangkabuuang 149 "flagship project" nito ay nasa Central Luzon. Labindalawa sa mga ito ay imprastrukturang pangtransportasyon (paliparan at daan) at walo ay nasimulan na ng konstruksyon. Ang New Clark City, isang dambuhalang proyektong sumasaklaw ng halos 10,000 ektarya, ay hindi isinama sa pinangalanang mga "flagship project" kahit nasa proseso na ito ng implementasyon.

Alinsunod sa datos ng gubyerno noong 2022, nakalaan sa mga proyektong ito ang 99% ng ₱1.54 trilyong pamumuhunan na bumubuhos sa rehiyon. Ang 56% ng pamumuhunang ito ay dayuhang utang (tinaguriang "official development assistance" mula sa Japan) at 41% ay nakapailalim sa iskemang *public-private partnership* o sosyohan sa malalaking burgesyang komprador.



Dalawa sa "flagship project" ng rehimen ang Central Luzon Link Expressway (CLLEX) at North Luzon East Expressway (NLEE). Tulad sa naunang mga *expressway*, sumagasa ang mga ito sa mga palayan. Popondohan ng dayuhang pautang mula sa imperyalistang institusyong JICA ang parehong proyekto.

Sa pag-aaral ng KMP, umaabot sa 704 ektarya ng mga sakahan ang mawawala dahil sa mga proyektong ito. Mangangahulugan ito ng pagbagsak ng ani ng palay nang hanggang 4,641 metriko tonelda, katumbas ng 3,017 metriko toneladang bigas, kada taon. Ayon sa mga magsasaka, ang kabawasang ito ay sapat para pakainin ang itinuturing ng estado na "food poor" sa mga prubinsya ng Bataan, Pampanga at Aurora sa buong taon.

Isinapanganib din ng mga proyektong ito ang natitirang sakahan sa matatagal at madalas na pagbaha dahil nabawasan nito ang kapasidad ng lupa na sipsipin ang tubig-ulan.

Liban sa mga proyektong ito, nagsabwatan ang rehimeng Marcos at pinakamalalaking burgeskumprador para sa panibagong serye ng pagpapalit-gamit ng lupang pang-agrikultura sa rehiyon. Kabilang dito ang 290 ektaryang mga sakahan na lalatagan ng proyektong residensyal-industriyal na Crescendo ng Ayala Lanc Inc; mga sakahan sa tabi ng *expressway* na planong tayuan ng mga komersyal na tindahan ng SM Prime; at ang 200-ektarya sa Tarlac City na ikukumbert tungong "economic zone" ng Aboitiz Infracapital.

Ayon sa KMP, pagsusugal sa katiyakan sa pagkain ng bansa at pagsasapanganib ng milyun-milyong Pilipino sa mga sakuna ang pagpapahintulot sa mga korporasyon na hawanin ang mga lupang pang-agrikultura. AB

Pananagutan at hustisya sa mga biktima ni Duterte

Nagtipon sa Liwasang Bonifacio ang mga myembro ng progresibong grupo noong Marso 28 para magtirik ng kandila, hindi para gunitain ang ika-80 kaarawan ni Rodrigo Duterte, kundi para manawagan ng pananagutan at hustisya para sa mga biktima ng pinakamalalala niyang krimen laban sa sambayanang Pilipino. Ang hiling nila, hatulan siyang may sala sa krimen sa sangkatauhan ng pagpatay sa isasagawang paglilitis ng International Criminal Court (ICC).



Umaasa silang aarestuhin na rin ang iba pang kasapakat ni Duterte sa mga krimeng ito, laluna si Ronald "Bato" dela Rosa, at iba pang berdugong mga hepe ng pulis. Siningil rin nila ang administrasyong Marcos sa nagpapatuloy pa ring mga paglabag sa karapatang-tao at idinudulot nitong kahirapan sa mamamayan.

Pangunahing kalahok sa pagkilos ang mga pamilya ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang, mga magsasakang mula sa Central Luzon, mga estudyante, guro, at iba pa. Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Naglunsad rin ng protesta sa araw na iyon ang mga grupo sa Tarlac, Quezon, at sa Iloilo City.

Sa ibayong dagat, inilunsad ng Bayan-Europe ang Duterte Panagutin Campaign Network sa The Hague, The Netherlands noon ding Marso 28. Nagkaroon din ng mga protesta sa Australia, Hong Kong, Japan, Belgium, France, Switzerland, United Kingdom, Canada at United States.

Samantala, kinwestyon ng mga migranteng manggagawa ang panawagan ng kampong Duterte para sa "Zero Remitance Week" o pagtigil ng pagpapadala ng pera ng mga OFW sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas bilang porma ng pagsuporta kay Duterte. Sa halip, nanawagan sila ng suporta para sa karapatan at kagalingan ng mga OFW, at hindi para sa isang mamamatay-tao.

Pag-usad sa ICC

Tuluy-tuloy na umuusad ang kaso ni Duterte sa ICC bago ang muli niyang pagharap sa Pre-Trial Chamber (PTC) 1 sa Setyembre.

Noong Marso 21, inatasan ng PTC 1 ang Victims Participation and Reparations Section (VPRS) ng ICC na magmungkahi ng proseso ng aplikasyon at pagpaparehistro ng mga biktima. Paraan ito ng ICC para makalahok ang mga biktima sa buong proseso, mula sa simula ng imbestigasyon hanggang sa pagkakaloob ng reparasyon pagkatapos ng paghatol.

Bahagi ng mga tungkulin ng VPRS ang sumusunod: 1) pagbigay ng impormasyon sa mga biktima tungkol sa kanilang mga karapatan at pagtulong sa kanila na lumahok sa proseso ng ICC; 2) pagsuporta at paggabay sa mga biktima para makamit ang reparasyon o bayad-pinsala at pagtiyak na may akses sila sa proseso ng reparasyon na maaaring nasa anyo ng pera, restitusyon, ariarian, rehabilitasyon o simbolikong kilos; at 3) makipag-ugnayan sa Trust Fund for Victims para bigyan ng komprehensibong suporta ang mga biktima sa buong hudisyal na proseso.

Iniharap naman noong Marso 24 ng Office of the Prosecution ang 181 pirasong ebidensya sa kampo ni Duterte para sa kanilang pagsusuri. Pangunahing abugado ni Duterte si Nicholas Kaufman, isang British-Israeli. Ang ganitong pagbibigay ng mga ebidensya ay alinsunod sa proseso ng "pagsisiwalat" na tinitiyak na ipinaaalam ang mga ebidensya sa nasasakdal. Ayon sa mga taga-usig, laman ng dokumentong ipinadala nila ang mga materyal at ulat na isinaad sa inilabas na mandamyento de aresto laban sa kanya.

Samantala, kinastigo ng dalawang batikang abugado sa karapatang-tao ang panlilinlang ni Vice President Sara Duterte sa sinabi niyang hindi dapat kasuhan ng krimen laban sa sangkatauhan ang kanyang ama dahil 43 kaso lamang ang pinagbatayan ng mandamyento de aresto. Ani Atty. Kristina Conti, "simplistiko" ang pahayag ni Duterte na maaring makakumbinsi ng ilan pero hindi ng korte. Ani Conti, ang 43 kaso na inilatag ng prosekusyon sa paghingi nito ng mandamyento ay kumakatawan lamang sa laganap na mga atake, para lamang ilabas ang mandamyento de aresto. Sa katunayan, maaari pa umanong madagdagan ang isasampang kaso kay Duterte sa muli niyang pagharap sa korte sa Setyembre.

Samantala, kabi-kabila rin ang palabas ni Sen. Imee Marcos sa dalawang beses niyang paglulunsad ng mga pagdinig sa Senado noong Marso 20 at Abril 3 ukol sa pag-aresto at pagkulong kay Duterte ng ICC. Nais palabasin ng senadora na mali, labag sa soberanya at inhustisya ang pagdakip kay Duterte. AB

SA MADALING SALITA

₱40

dagdag-sahod sa **Bicol** na ibibigay sa 2 bahagi—ang unang ₱20 sa Abril at ₱20 sa Disyembre pa. Itataas nito ang sahod tungong ₱435/araw, na wala pa sa kalahati sa nakabubuhay na arawang sahod na ₱1,226 noong Disyembre 2024.

7 sa 10

parsela ng lupa ay di lubos na pagmamay-ari ng nagsasaka nito; 2.4 milyong parsela lamang ng lupa ang buong pagmamay-ari ng nagbubungkal nito noong 2022, mas mababa kumpara sa 3.6 milyong parsela noong 2012.

7.5 M

sambahayan o 27.2% ng mga pamilyang Pilipino ang dumanas ng "hindi boluntaryong gutom" sa pagitan ng Enero at Marso, pinakamataas mula panahon ng *lockdown* dahil sa pandemya noong 2020.

Pinagkunan: Social Weather Station

43%

lamang ng mga prangkisa ng dyip ang nakonsolida, taliwas sa dating iginiit ng LTFRB na "mayorya" o 86% na ang konsolidado.



$17.2 B

naitalang yaman ni **Manny Villar** ngayong taon, mas malaki kumpara sa $6.2 bilyong yaman niya noong 2024. Sinasabing dulot ito ng ispekulasyon sa lupa ng kumpanya niyang Golden MV na tumabo ng ₱1 trilyong kita.

Pinagkunan: Forbes' Billionaires 2025

$87 MILYON

ayudang ibinigay ng US sa anyo ng pondo, pagsasanay at armas sa Philippine National Police mula 2016 hanggang 2018; itinuturing itong "kontribusyon" ng US sa gera sa droga at mga krimen laban sa sangkatauhan ni Rodrigo Duterte.

$5.58 BILYON

halaga ng **20 pinaglumaang eroplanong pandigmang F-16** ang idinidispatsa ng US sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga ito sa Pilipinas. Ginagamit ng AFP ang mga eroplanong katulad nito sa pambobomba sa kanayunan, na pumipinsala sa kagubatan at mga sibilyang komunidad.



400,000

o 1/5 ng buong populasyon ng **Gaza** (2.3 milyon) ang tinatayang direkta at di direktang **napatay sa henosidyo ng Israel** mula Oktubre 7, 2023. Dagdag sa higit 60,000 na napatay sa pambobomba ang mga **namatay sa gutom at kawalan ng atensyong medikal.**



Laban ng mga guro para sa karapatan at kagalingan, sumusulong sa mga unibersidad

NAGKAKAISANG LUMALABAN ANG mga guro at empleyado ng mga pribado at pampublikong unibersidad para itaguyod ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon para sa kanilang *collective bargaining agreemement* (CBA), ipinaglalaban ng mga unyon ng mga guro ang makatarungang sweldo, mga benepisyo at iba pang karapatan.

Noong Marso 25, nagtungo sa upisina ng National Conciliation and Mediation Board (NCMB) ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros sa Maynila ang University of Santo Tomas Faculty Union (USTFU) para magsampa ng *notice of strike*. Nagdesisyon ang unyon na isampa ito matapos ang higit isang taong hindi pagkakasundo sa administrasyon sa usapin ng CBA para sa 2021-2026.

Nagdeklara ang unyon ng *deadlock* noong Marso 14 dahil sa hindi katanggap-tanggap na mga alok ng administrasyon. Kabilang sa iginigiit ng USTFU ang 100% benepisyo sa kalusugan para sa lahat ng kasapi ng unyon, mas mataas na badyet para sa mga promosyon, at iba pang benepisyo.

Naglunsad ng gabi ng panalangin at pakikiisa ang USTFU sa kampus noong Marso 26, isang araw matapos magsampa ng pabatid sa welga. Dumalo at nakiisa sa kanilang pagkilos ang mga kasapi ng Ugnayan ng mga Nagkakaisang Manggagawa ng UST Hospital at mga kabataang Tomasino.

Sa Lyceum of the Philippines University (LPU), nagdesisyon na rin ang Lyceum Faculty Association (LFA) na magsampa ng *notice of strike* noong Marso 26 dahil sa *deadlock* sa negosasyon para sa CBA. Iginigiit ng LFA sa CBA ang dagdag sahod, alawans, at pagpapatanggal ng sapilitang pagreretiro matapos ang 20 taong serbisyo ng mga guro.

Liban sa UST at LPU, kasalukuyan ring gumugulong ang negosasyon ng mga unyon ng kaguruan sa Siliman University at Centro Escolar University.

Samantala, napaatras ng mga empleyado ng Benguet State University (BSU) na nakapailalim sa sistemang Job Order (JO) at Contract of Service (COS) ang isang hindi makatarungang kasunduan na ipinipilit sa kanila ng administrasyon. Noong Marso 24, pinilit ng BSU ang mga JO/COS na pumaloob sa kasunduan na nagsasaad na makatatanggap lamang sila ng sweldo sa panahong mayroong sapat na pondo ang unibersidad.

Bago pa ang kontrobersyal na kontrata, pamalagian nang naaantala ang sweldo ng mga kontrakwal. Ayon sa mga ulat, hindi pa nila natatanggap ang sweldo para sa Pebrero habang may ilang hindi pa nakatatanggap ng para sa Enero.

Sa pagkakalantad ng kanilang kalagayan sa publiko, napilitan ang BSU na maglabas ng pahayag at paglilinaw hinggil dito. Nagdahilan ang administrasyoon ng unibersidad na sadyang kulang sa kasalukuyan ang pondo ngunit tiyak umanong babayaran nila ang mga JO/COS.

Sa mga laban at pakikibakang ito ng mga guro, nagpahayag ng buong suporta sa kanila ang Alliance of Concerned Teachers at mga balangay nito.

Mga Mindoreño, lumalaban sa pagwasak sa kapaligiran at para sa kabuhayan

KUMILOS ANG MASANG Mindoreño sa dalawang magkahiwalay na pagkakataon para labanan ang pangwawasak sa kapaligiran at para ipagtanggol ang kanilang kabuhayan.

Noong Marso 23, nagtipon ang mga residente ng Barangay Talabaan, Mamburao, Occidental Mindoro noong Marso 23 para sa isang *prayer rally* laban sa mapangwasak at mapanlinlang na operasyong *dredging* ng PERRC Construction and Development Corporation.

Ayon sa Mindoro Forum Network (MFN), sinimulan ng kumpanya ang *dredging* sa tabing ng "river restoration" ng Ilog ng Pagbahan. Gayunpaman, hindi ito naghukay sa itinakdang lugar sa bukana ng ilog. Sa halip, naghukay ito sa karagatan na ilang kilometro mula sa baybay ng barangay. Dahil dito, hindi na makapalaot ang mga mangingisda. Wala na silang nahuhuli dahil natataboy ang mga isda ng ingay sa halos 18 oras na paghuhukay ng barko nito.

Noong Pebrero 25, pansamantalang ipinatigil ng Pamahalaang Bayan ng Mamburao ang *dredging* ng kumpanya matapos makatanggap ng mga reklamo mula sa mga residente ng Barangay Talabaan. Sa kanilang pagkilos, panawagan nila na permanente nang ipatigil ang operasyon ng kumpanya at ipreserba ang karagatan, laluna ang mga bahura dito. Nanawagan rin sila sa gubyerno na ipagtanggol ang mga mangingisda at kanilang kabuhayan.

Samantala, sama-samang nagtirik ng kandila ang mga myembro ng Samahan ng mga Magsasaka sa Guinobatan (SMG) at MFN sa harap ng *city hall* ng Calapan City, Oriental Mindoro noong gabi ng Marso 28 para manawagan sa lokal na gubyerno na pigilan ang pagbabakod ng isang korporasyon sa Barangay Guinobatan. Isang araw bago nito, dumating ang tauhan ng MENAKOR Corporation at sapilitang nagtayo ng bakod sa bisa ng permit na ibinigay ng barangay. Inaangkin ng MENAKOR, na pagmamay-ari ni Jolly Lim Ting, ang 158 ektaryang lupa sa barangay.

Ayon sa mga residente, walang isinagawang wastong konsultasyon sa kanila ang barangay. Lubhang apektado ng pagbabakod ang mga lupa, kabuhayan at tirahan ng mga residenteng ilang henerasyon nang nanirahan at nagtrabaho dito.

Ayon sa SMG, 1998 pa nang magsimulang ipamahagi ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa mga magsasaka ng Guinobatan ang Certificate of Land Ownership Award o CLOA. Pero hanggang ngayon, patuloy na nahaharap sa pang-aagaw ng lupa ang mga magsasaka. Tinatayang 600 pamilya ang mapapalayas sa pang-aagaw na ito.

Magsasaka, dinukot ng militar sa Masbate

Dinukot at isinakay sa *van* ng mga kasapi ng 96th Military Intelligence Company (MICO) ng 9th ID ang isang residente at magsasaka sa Barangay Cabangcalan, Placer, Masbate noong Marso 29, alas-6 ng umaga. Kinilala ang biktima na si Junior Tuling, 56 anyos.

Dati nang biktima ng sapilitang "pagpapasuko" ng militar si Tuling. Noong 2021, sapilitan siyang "pinasuko" ng mga sundalo sa kasagsagan ng paglulunsad ng Retooled Community Support Program (RCSP). Sa Masbate, marami na ang katulad ni Tuling na "sumurender" at matapos tumangging magpagamit sa militar bilang ahente sa paniktik o mag-CAFGU ay ginigipit ng mga sundalo.

Nanawagan ng tulong ang pamilya at kamag-anak ni Tuling upang alamin ang kanyang kinaroroonan. Hiling nila na mapanagot ang mga berdugong militar at mabigyang hustisya ang biktima. Nanawagan sila sa lokal na upisyal ng barangay na umaksyon at gumawa ng mga hakbang upang tuntunin ang biktima at tiyakin ang kanyang kaligtasan.

Sa isang hiwalay na insidente noong Marso 27, binugbog ng mga tauhan ng 96th MICO si Totong Cuyos, magsasaka at residente sa Barangay Cabrera, Dimasalang. Liban dito, naiulat sa ikalawang distrito ng Masbate ang laganap na pagnanakaw ng militar sa mga sibilyan na pinalalabas na kagagawan ng Bagong Hukbong Bayan.

Pag-aresto. Sa Quezon, inaresto ng 85th IB at mga pulis ang mga sibilyan na sina Darwin Palo at Jay-Ar Molantes sa Lucena Grand Terminal, Lucena City noong Marso 27. Ang mga biktima ay papunta sana sa Bulacan upang doon magtrabaho.

Si Palo, magsasaka mula sa bayan ng Lopez sa Quezon, ay binansagan ng mga pulis na isa sa mga "most wanted" na kriminal sa rehiyon ng Calabarzon. Ayon sa kanila, humaharap si Palo sa anim na patung-patong na kaso kabilang ang maramihang tangkang pagpatay at paglabag sa Anti-Terrorism Act of 2020. Pinararatangan din siyang kolektor ng BHB-Quezon para sa sinasabing "permit-to-campaign" ngayong eleksyong 2025. Samantala, hindi iniulat ng mga pulis ang pagkakadakip kay Molantes.

Pekeng pagpapasuko. Muling pinalabas ng mga pulis ng Cebu na "sumuko" sa kanila ang isang 25-anyos na lalaking magsasaka na residente ng Barangay Bonbon, Aloguinsan, Cebu noong Marso 28. Pinalalabas ng mga pulis na siya ay "tagasuporta ng BHB." Ayon sa mga residente ng Barangay Bonbon, kung saan mayroong laban sa lupa ang San Roque Farmers Association, dati nang pinalabas na "sumuko" ang naturang magsasaka.

Samantala, pinuntahan ng mga sundalo sa ilalim ng 31st Civil Military Operations (CMO) ang bahay ng tagapangulo ng San Roque Farmers Association (SRFA) sa Barangay Bonbon noong Marso 11. Hinaras at niligalig ng pitong sundalo si Pio Del Rosario para pigilan siya sa pagkundena at paglalantad sa militarisasyon at pang-aapi sa kanilang komunidad. AB

Kasunduang GRP-MILF, binabalahura ng rehimeng Marcos

HINDI NATUWA ANG liderato ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa pagtatalaga ni Ferdinand Marcos Jr kay Abdulraof Macacua bilang bagong pansamantalang punong ministro ng Bangsamoro Transition Authority (BTA). Ayon sa pahayag na inilabas ng Komite Sentral nito, walang ginawang konsultasyon si Marcos at taliwas ito sa rekomendasyong panatilihin ang kasalukuyang punong ministro na si Ahod Ebrahim (Al Haj Murad). Mas malapit sa rehimeng Marcos si Macacua, na isa ring lider ng MILF.

Sa utos ni Marcos, si Murad ay hinirang na isa na lamang sa 80 panrehiyong kinatawan, bagay na hindi niya tinanggap. Itinalaga si Murad sa BTA noong 2019 ng noo'y presidente Rodrigo Duterte. Siya ang kasalukuyang pinuno ng MILF at *commander-in-chief* ng Bangsamoro Islamic Armed Forces, ang armadong bisig ng MILF.

Labag sa pinal na kasunduang pangkapayapaan na isinabatas bilang Bangsamoro Organic Law (BOL) ang tahasang pakikialam ng rehimeng Marcos sa internal na proseso ng MILF. Binabalahura nito ang mga probisyon kung saan nakasaad ang "prinsipyo ng awtonomiya" ng grupo. Naipasa ang batas na ito sa panahon pa ng rehimeng Aquino, pero hanggang ngayon ay hindi pa ito lubos na naipatupad dahil hindi pa nailulunsad ang unang eleksyon para sa pagbubuo ng awtonomiyang gubyernong Bangsamoro.

Labag din sa BOL ang pagtatalaga ni Marcos sa 34 lamang sa 41 na tauhan ng MILF sa BTA. Nakasaad sa BOL na ang BTA ay pamumunuan pangunahin ng MILF, sekundaryo ng mga pwersa ng Moro National Liberation Front at malayong pangatlo ng di-Moro na mga katutubong mamamayan. Nawala ang mayoryang pusisyon ng MILF nang palitan ni Marcos ang 70 tauhan nito noong Marso 3.

Sa pakikialam ng rehimen sa BTA, pinahihina ni Marcos ang kredibilidad ng pamunuan ng MILF. Sa pagtalikod at pagwawalang-bahala nito sa mga rekomendasyon ng MILF, epektibong inalisan ni Marcos ng karapatan ang MILF na pamunuan ng BTA na ngayon ay namamahala sa BARMM. Sinisira rin nito ang tiwala ng mamamayang Moro sa proseso ng kapayapaan.

Sa pagwawalambahala ng Gubyerno ng Pilipinas sa mga probisyon ng BOL, ipinamamalas nito ang katusuhan ng GRP, at ng rehimeng Marcos sa partikular, sa pinapasok nitong mga kasunduan sa pakikipag-usapang pangkapayapaan.



Pakikiisa ng Marawi sa mamamayang Palestino. Humigit-kumulang 800 residente ng Marawi City ang naglunsad ng "solidarity run" sa "Ground Zero" ng syudad noong Marso 27 bilang pakikiisa sa mamamayang Palestino matapos ibinasura ng Israel ang tigil-putukan at muling binomba ang Gaza. Umalingawngaw ang sigaw ng mga nakapaang kalahok para sa "Free Palestine" at "From the river to the sea, Palestine will be free" sa dating masiglang komunidad. Hanggang ngayon, hindi pa rin nakababalik ang mga residente sa Ground Zero na walanghabas na binomba ng rehimeng Duterte noong 2017.

Taas-singil sa LRT. Nagtipon ang mga manggagawa, estudyante at maralita sa Monumento LRT-1 Station isang araw bago tuluyang itinaas ang pamasahe nito noong Abril 2. Binatikos nila ang pagtanggi ng rehimeng Marcos na ipatigil ang pagtaas ng pamasahe at ipawalambisa ang kontrata ng estado sa pribadong kumpanyang nagpapatakbo ng serbisyo. Kabilang sa mga tumutol ang mga komyuter mula sa Camanava na may malaking populasyon ng mamamayan at manggagawa na tumatangkilik sa serbisyo ng LRT.

Taas-singil sa tubig. Nagtipon noong Abril 1 ang mga myembro ng Bayan Muna sa harap ng upisina ng MWSS Regulatory Office sa Quezon City para kundenahin ang taas-singil sa tubig ngayong buwan at ipanawagan ang #NoToWaterRateHike. Nakaambang itaas ang singil sa tubig nang ₱4-₱5 kada metriko kubiko matapos payagan ng MWSS.

Taas-presyo ng mga produktong petrolyo. Nagprotesta sa harap ng gasolinahan ng Petron ang mga myembro ng Bayan Muna noong Marso 30 laban sa ₱1.40/litro na pagtaas ng presyo ng langis na ipinatupad noong Marso 31. Sa araw na ito, ipinadala ng Bayan Muna ang sulat sa Department of Energy para singilin ang kagawaran sa kawalan nito ng hakbang nito para ipatupad ang kautusan ng Korte Suprema noong 2024 para sa "unbundling" ng presyo o pagobliga sa mga kumpanya ng langis na himay-himayin ang presyo ng mga produktong petrolyo at ipakita ang detalye sa pagtataas ng nito.

Sigaw ng mamamayang Amerikano kay Trump, "Hands off!"

DAAN-DAAN LIBONG mamamayang Amerikano, karamihan mga manggagawa, ang bumuhos sa mga lansangan at parke noong Abril 5 sa hindi bababa 50 estado sa US para kundenahin ang samutsaring anti-mamamayang mga patakaran ni Donald Trump at ng kanyang bilyunaryong tagapayo na si Elon Musk. Tinatayang umabot sa 250,000 ang lumahok sa 1,200 protesta at pagtitipon sa buong bansa.

Tinagurian ang mga aksyon bilang protestang "Hands Off!" (o Huwag mo kaming salingin!). Panawagan nilang itigil na nina Trump at Musk ang mga atake sa kanilang mga trabaho, karapatan at kagalingan. Isa sa pinakamalaking pagtitipon sa National Mall sa Washington DC, malapit sa White House, upisyal na tahanan at tanggapan ng presidente.

Inorganisa ang mga protesta ng mahigit 150 grupo, kabilang ang mga organisasyon sa karapatang sibil, mga unyon ng manggagawa, mga tagapagtaguyod ng LGBTQ+, mga beterano, at mga aktibista sa halalan. Ang mga kalahok ay nagpahayag ng pagkadismaya sa mga tangka ni Trump na paliitin ang pamahalaang pederal, pagsisante sa mahigit 200,000 trabaho sa gubyerno at malalaking pagbabawas sa mga panlipunang benepisyo.

Ipinahayag din ng mga nagprotesta ang kanilang pagkamuhi sa mga patakaran ni Trump tulad ng malakawakang deportasyon ng mga imigrante, pagbabawas sa pondo para sa edukasyon at kalusugan, at pag-aalis ng mga proteksyon para sa LGBTQ+. Mariin nilang kinundena ang papel ni Musk, ang pinakamalaking oligarko sa mundo, sa Department of Government Efficiency, na nagpatupad sa pagsisisante sa hindi bababa sa 30,000 empleyado ng gubyerno.

Sinasalamin ng mga protestang "Hands Off" ang matindi at malawak na galit ng paparaming Amerikano kay Trump, tatlong buwan pa lamang mula nang maupo siya sa White House sa pangalawang pagkakataon. Naglunsad rin ng mga protesta ang mga Amerikano na nasa labas ng US, tulad sa France, Germany, United Kingdom at Portugal.

Presidente ng South Korea, napatalsik

NAPATALSIK SA PODER si South Korean President Yoon Suk Yeol noong Abril 4 matapos pagtibayin ng Constitutional Court ang *impeachment* sa kanya ng parlamento noong Disyembre 14, 2024. Nagmula ito sa pagdeklara ni Yoon ng batas militar noong Disyembre 3, 2024, na itinuring na isang tangkang kudeta.

Dahil napatalsik na sa pagkapresidente, maaari nang maharap sa karagdagang mga kasong kriminal si Yoon. Samantala, kinakailangang makapagdaos ng espesyal na eleksyon sa South Korea sa loob ng 60 araw.

Ang desisyon ng korte ay ipinagbunyi ng milyun-milyong mamamayang lumahok sa mga protesta sa lansangan. Gayunman, nanawagan ang Korean Confederation of Trade Unions (KCTU) at Nodutdol, grupo ng mga Korean na nakabase sa US, ng tuluy-tuloy na pagkilos ng mamamayang Korean para sa ganap na demokrasya sa bansa at pagpapatalsik sa okupasyon ng US at pagwawakas sa kapitalistang pang-aalipin sa kanilang bayan.